<Date>

	ID ng	**<# ng**
<sub_full_name>	**Rx ID:**	**<RxID>**
<sub_addr_line_one>	**Rx GRP:**	**E0001002**
<sub_addr_line_two>	**Rx BIN:**	**012353**
<sub_addr_city>, <sub_addr_state> <sub_addr_zip>	**Rx PCN:**	**07820000**

Mahalaga: Nagpatala ka sa isang bagong plano para sa mga serbisyo sa iyo ng Medicare at Medi-Cal.
Ingatan ang liham na ito bilang patunay ng saklaw.

<Name>:

Malugod kang tinatanggap sa Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan)!

Simula **<effective date>**, magkakaroon ka ng Cal MediConnect na planong pangkalusugan na dinisenyo para magbigay sa iyo ng tuloy-tuloy at de-kalidad na pangangalaga at wala kang karagdagang babayaran. Ang Blue Shield of California Promise Health Plan ay isang planong pangkalusugan na nakakontrata sa Medicare at Medi-Cal para magbigay ng mga benepisyo ng dalawang programang ito sa mga nagpatala.

Kasama sa bago mong saklaw ang:

- Iyong mga benepisyo ng Medicare, kasama ang mga inireresetang gamot
- Iyong mga benepisyo sa Medi-Cal, kasama ang mga pangmatagalang serbisyo at suporta (long-term services and supports, LTSS) na tumutulong sa iyo sa mga personal na pangangailangan sa pangangalaga sa kasalukuyan. Kasama sa LTSS ang Programa ng Maraming Gamit na Serbisyo para sa Matatanda (Multipurpose Senior Services Program, MSSP) at Mga Serbisyo sa Komunidad para sa Nasa Hustong Gulang (Community-Based Adult Services, CBAS), na mga serbisyong makakatulong sa iyo na makapanatili sa iyong tahanan nang matagal hangga't maaari. Mayroon din itong kasamang pangangalaga sa nursing home kung kailangan mo nito.
- Mga pinili mong doktor at iba pang mga provider na nasa aming network na nagtutulungan para makapagbigay sa iyong ng pangangalagang kailangan mo.
- Mga ekstrang benepisyo at serbisyo tulad ng pangangalaga sa paningin, pandinig, pagiging miyembro sa health club at mga fitness class, benepisyong over the counter, Pandaigdigang Emergency na saklaw, Personal Emergency System (PERS) ay isang medical alert monitoring system na nagbibigay ng access na 24/7 na tulong, sa pamamagitan lamang ng pagpindot ng isang button.

Ang Blue Shield of California Promise Health Plan ay isang malayang nabigyan ng lisensya ng Blue Shield Association A50789 (6/18)

- Isang care navigator upang tulungan kang pangasiwaan ang lahat ng iyong provider at serbisyo.
- Matibay na kagamitang medikal, tulad ng *mga tungkod, andador, wheelchair*.

Ang Blue Shield of California Promise Health Plan ay isang malayang nabigyan ng lisensya ng Blue Shield Association A50789 (6/18)

Ang liham na ito ay patunay ng iyong bagong saklaw. Mangyaring dalhin ang liham na ito sa parmasya o sa pagpapatingin sa klinika hanggang sa makuha mo sa amin ang iyong ID ng Miyembro: Kung mayroon kang mga tanong, tumawag sa Member Services ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan sa 1-855-905-3825 (TTY; 711), 8:00 a.m. - 8:00 p.m. 7 araw sa isang linggo.

Ano ang kasunod na mangyayari?

Maaari mong nang simulang gamitin ang network ng mga provider ng pangunahing pangangalaga at parmasya ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan para sa lahat ng iyong serbisyong pangangalaga sa kalusugan at mga inireresetang gamot sa **<effective date>**. Kung kailangan mo ng pangangalagang pang-emergency o agarang kinakailangan na pangangalaga, o mga serbisyo ng dialysis na wala sa lugar ng serbisyo, maaari mong gamitin ang mga provider sa labas ng plano ng network ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan.

Para matulungan sa paglipat sa Blue Shield Promice Cal MediConnect Plan, puwede kang patuloy na magpatingin sa mga doktor na pinagpapatingnan mo sa ngayon hanggang sa yugtong labindalawang (12) buwan mula sa petsa kung kailan nagkabisa ang pagpapatala sa Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan. Makipag-ugnayan sa Member Services ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan sa 1-855-905-3825 (TTY 711), 8:00 a.m. – 8:00 p.m., 7 araw sa isang linggo para sa impormasyon kung paano ito gagawin.

Magkakaroon ka rin ng access sa *(30)*-araw na supply ng inireresetang mga gamot na kasalukuyan mong iniinom sa panahon ng iyong unang *(90)* araw sa plano kung gumagamit ka ng gamot na wala sa aming *Listahan ng mga Saklaw na Gamot,* kung hindi ka pinapahintulutan ng mga tuntunin ng planong pangkalusugan na makakuha ng halagang inorder ng iyong doktor, o kung ang gamot ay nangangailangan ng paunang pag-apruba ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan.

Kasama sa kit ng bagong miyembro ang mga:

- *Listahan ng mga Saklaw na Gamot* (Pormularyo) Mga instruksyon para sa pagkuha ng higit pang impormasyon tungkol sa mga gamot sa aming Listahan ng mga Saklaw na Gamot.
- *Direktoryo ng Provider at Parmasya* Mga instruksyon para sa pagkuha ng higit pang impormasyon tungkol sa mga provider at parmasya na nasa aming network.
- *Handbook ng Miyembro* (Katibayan ng Saklaw)

Bago ang **<enrollment effective date>**, magpapadala kami sa iyo ng ID Card ng Miyembro.

Bago ang **<enrollment effective date>**, magpapadala kami sa iyo ng Handbook ng Miyembro (Katibayan ng Saklaw).

May napapanahong kopya ng *Handbook ng Miyembro* (Katibayan ng Saklaw) ang laging available sa aming website sa www.blueshieldca.com/promise/calmediconnect. Maaari ka ring tumawag sa Member Services sa 1-855-905-3825 para hilingin sa amin na padalhan ka sa koreo ng Handbook ng Miyembro.

Magkano ang babayaran ko sa Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan?

Hindi mo kakailanganing magbayad ng premium na plano, deductible, o mga copay kapag kumukuha ng mga serbisyong pangkalusugan sa pamamagitan ng isang provider ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan.

Magkano ang kailangan kong bayaran para sa mga inireresetang gamot?

Kapag kinukuha mo ang iyong mga iniresetang gamot sa aming parmasya ng network, hindi hihigit sa **$3.60** ang babayaran mo sa tuwing kukuha ka ng generic na gamot na saklaw ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan at hindi hihigit sa **$8.95** sa tuwing kukuha ka ng branded na gamot na saklaw ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan. Ang mga copay para sa mga inireresetang gamot ay maaaring magbago depende sa antas ng natatanggap mong Dagdag na Tulong. Mangyaring makipag-ugnayan sa Blue Shield of California Promise Health Plan para sa higit pang detalye.

Paano ako pipili ng provider ng pangunahing pangangalaga?

Para makapili ng iyong Provider ng Pangunahing Pangangalaga (PCP), puwede mong tingnan ang Direktoryo ng Provider at Parmasya ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan sa aming website sa www.blueshieldca. com/promise/calmediconnect o tumawag sa Member Services para sa tulong.

Makukuha mo ang iyong rutina o pangunahing pangangalaga mula sa iyong PCP. Maaari ring i-coordinate ng iyong PCP ang iba pa sa mga sinasaklaw na serbisyong kailangan mo.

Ang mga PCP ng aming plano ay mga kaanib sa mga partikular na grupong medikal. Kapag pumipili ka ng iyong PCP, pumipili ka na rin ang kaanib na grupong medikal. Ibig sabihin, ire-refer ka ng iyong PCP sa mga espesyalista at serbisyong kaanib din ng kanyang grupong medikal. Kaya, kapag mayroong isang partikular na espesyalista o ospital ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan na gusto mong gamitin, mahalaga na malaman kung sila ay kaanib ng grupong medikal ng iyong PCP.

Kapag kailangan mo ng espesyal na pangangalaga o mga karagdagang serbisyo na hindi maibibigay ng iyong PCP, bibigyan ka niya ng referral. Sa karamihan ng kaso, kailangan mong magpatingin sa iyong PCP para makakuha ng referral bago ka magpatingin sa sinumang iba pang nagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan o bumisita sa isang espesyalista. Kapag naaprubahan na ng grupong medikal ng iyong PCP ang referral na ito, maaari ka nang gumawa ng appointment sa espesyalista o iba pang provider upang makuha ang kailangan mong paggamot. Ipapaalam ng espesyalista sa iyong PCP kapag natapos mo na ang iyong paggamot o serbisyo para patuloy na mapamahalaan ng iyong PCP ang iyong pangangalaga.

Bukod pa rito, kailangan ding kumuha ng iyong PCP ng maagang pag-apruba sa Plano upang makakuha ka ng ilang partikular na serbisyo. Ang maagang pag-aprubang ito ay tinatawag na “paunang pahintulot.” Halimbawa, kailangan ng paunang pahintulot para sa lahat ng inpatient na pananatili sa ospital na hindi pang-emergency. Kung minsan, maaaring ang kaanib na grupong medikal ng iyong PCP, at hindi ang aming plan, ang magbibigay ng pahintulot sa serbisyo sa iyo.

Maaari kang makakuha ng ilang partikular na serbisyo nang hindi muna kumukuha ng pag-apruba mula sa iyong PCP, gaya ng: mga serbisyong pang-emergency, pangangalagang kinakailangan kaagad, mga serbisyo para sa dialysis ng bato mula sa isang pasilidad ng dialysis na sertipikado ng Medicare, mga bakuna para sa trangkaso, mga bakuna sa hepatitis B at pneumonia, regular na pangangalagang pangkalusugan para sa kababaihan at mga serbisyo sa pagpaplano ng pamilya, atbp.

Paano kung may mga tanong ako tungkol sa saklaw o sa mga provider ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan?

- Tumawag sa Member Services ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan sa 1-855-905- 3825 8:00 a.m. - 8:00 p.m. 7 araw sa isang linggo.
- Tumawag sa 711 kung gumagamit ka ng TTY.
- Bumisita sa www.blueshieldca.com/promise/calmediconnect.

Paano kung may iba pa akong saklaw na pangkalusugan o inireresetang gamot

Kung may iba ka pang saklaw na pangkalusugan o gamot, tulad ng mula sa isang employer o unyon, posibleng lubusan nang mawawala ang ibang saklaw na pangkalusugan o gamot mo o ng mga umaasa sa iyo at hindi na ito maibabalik kung sasali ka sa Blue Shield of California Promise Health Plan.

- Kasama sa iba pang uri ng saklaw sa kalusugan at gamot ang TRICARE, ang Department of Veterans Affairs, o isang patakaran ng Medigap (Medicare Supplement Insurance).
- Makipag-ugnayan sa administrator ng mga benepisyo ng iba pang saklaw sa kalusugan/gamot kung mayroon kang mga tanong tungkol sa iyong saklaw.
- Kung gusto mong kanselahin ang iyong pagpapatala sa Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan, puwede mong tawagan ang Health Care Options sa 1-844-580-7272, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m hanggang 6:00 pm. Tumawag sa 1-800-430-7077 kung gumagamit ka ng TTY.

Puwede ba akong umalis sa Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan pagkatapos ng petsa kung kailan ito nagkabisa?

Oo. Maaari kang umalis sa Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan o pumili ng bagong Cal MediConnect anumang oras ng taong kasalukuyan sa pamamagitan ng pagtawag sa Health Care Options sa 1-844-580-7272, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Tumawag sa 1-800-430-7077 kung gumagamit ka ng TTY.

Kung aalis ka sa Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan at ayaw mong magpatala sa isa pang Cal MediConnect plan, magwawakas ang iyong saklaw sa huling araw ng buwan pagkatapos mo itong sabihin sa amin. Kung aalis ka sa Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan at hindi sasali sa isang planong pangkalusugan o inireresetang gamot ng Medicare, ikaw ay sasaklawin sa ilalim ng Orihinal na Medicare at itatala ka ng Medicare sa isang planong inereresetang gamot ng Medicare.

Ang Blue Shield of California Promise Health Plan ay isang malayang nabigyan ng lisensya ng Blue Shield Association A50789 (6/18)

Paano kung gusto kong sumali sa ibang plano ng Cal MediConnect?

Kung gusto mong patuloy na makuha ang iyong mga benepisyo sa Medicare at Medi-Cal nang magkakasama mula sa iisang plano, maaari kang sumali sa ibang plano Cal MediConnect. Para makapagpatala sa ibang plano ng Cal MediConnect, tumawag sa Health Care Options sa 1-844-580-7272, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Tumawag sa 1-800-430-7077 kung gumagamit ka ng TTY. Sabihin sa kanila na gusto mong umalis sa kasalukuyan mong plano sa Cal MediConnect at sasali ka sa ibang plano ng Cal MediConnect. Kung hindi ka sigurado sa planong gusto mong salihan, mabibigyan ka nila ng impormasyon tungkol sa iba pang plano sa inyong lugar.

Ano ang mangyayari sa aking Medicare kung aalis ako sa Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan?

Kung aalis ka sa Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan at hindi sasali sa isang planong pangkalusugan o inireresetang gamot ng Medicare, ikaw ay sasaklawin sa ilalim ng Orihinal na Medicare at itatala ka ng Medicare sa isang planong inereresetang gamot ng Medicare. Kung gusto mong sumali sa planong pangkalusugan o inereresetang gamot ng Medicare, o gustong malaman pa ang higit tungkol sa mga plano ng Medicare sa inyong lugar, o may mga tanong tungkol sa Medicare.

- Tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
- Tumawag sa 1-877-486-2048 kung gumagamit ka ng TTY.
- Bumisita sa home page ng Medicare sa http://www.medicare.gov.

Ano ang mangyayari sa aking Medi-Cal kung aalis ako sa Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan?

Dapat mayroon kang Medi-Cal na planong pangkalusugan para patuloy mong makuha ang mga serbisyo sa iyong Medi-Cal, kasama ang mga pangmatagalang serbisyo at suporta (long-term services and supports, LTSS) na tutulong sa iyong mga personal at tuloy-tuloy na mga pangangailangang pangkalusugan. Kung aalis ka sa iyong Cal MediConnect plan, patuloy mong makukuha ang mga serbisyo sa iyo mula sa Medi-Cal sa pamamagitan ng Blue Shield Promise Health Plan maliban na lang kung pipili ka ng ibang plano para sa mga serbisyo sa iyo ng Medi-Cal.

Makakakuha ka ng impormasyon tungkol sa mga planong pangkalusugan sa Medi-Cal sa koreo. Para makasali sa Medi-Cal na planong pangkalusugan, tumawag sa Health Care Options sa 1-844-580-7272, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Tumawag sa 1-800-430-7077 kung gumagamit ka ng TTY.

Paano kung kailangan ko ng tulong o higit pang impormasyon?

- Kung gusto mong makipag-usap sa isang tagapayo sa insurance na pangkalusugan tungkol sa mga pagbabagong ito at sa mga mapagpipilian mo, tumawag sa California Health Insurance Counseling and Advocacy Program (HICAP) sa 1-800-434-0222, Lunes hanggang Biyernes, mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Tumawag 711 kung gumagamit ka ng TTY.

- Kung kailangan mo ng tulong sa pagpapatala sa Cal MediConnect o Medi-Cal plan, mangyaring tumawag sa Health Care Options sa 1-844-580-7272, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Tumawag sa 1-800-430-7077 kung gumagamit ka ng TTY.
- Kung ikaw ay nasa isang Cal MediConnect plan at kailangan ng karagdagang tulong, tumawag sa Cal MediConnect Ombuds Program sa 1-855-501-3077, Lunes hanggang Biyernes mula 9:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Tumawag sa 1-855-847-7914 kung gumagamit ka ng TTY.

Ang Blue Shield of California Promise Health Plan ay isang planong pangkalusugan na nakakontrata sa Medicare at Medi-Cal para magbigay ng mga benepisyo ng dalawang programang ito sa mga nagpatala.

Makukuha mo ang dokumentong ito nang libre sa ibang format, tulad ng malalaking letra, braille, o audio.
Tumawag sa 1-855-905-3825 (TTY: 711) nang libre, pitong araw sa isang linggo mula 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. Libre ang tawag.
ATENSIYON: Kung nagsasalita ka ng English, may mga serbisyong tulong para sa wika na makukuha mo ng walang bayad. Tumawag sa 1-855-905-3825 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag.
Español (Spanish): ATENCIÓN: si habla español, tiene a su disposición servicios gratuitos de asistencia lingüística. Llame al Cal-MediConnect 1-855-905-3825 (TTY: 711) de 8:00 a.m. a 8:00 p.m., los 7 días de la semana.
繁體中文 (Chinese): 注意：如果您使用繁體中文，您可以免費獲得語言援助服務。請致電 Cal-MediConnect 1-855-905-3825 (TTY: 711) 每週七天辦公，早上8:00 點至晚上8:00 點或。
IMPORTANT NOTE: Para tingnan ang impormasyon tungkol sa mga kinakailangan sa Walang Diskriminasyon, puwede kang pumunta sa aming website sa https://www.blueshieldca.com/promise/affordable-care-act.asp.

Labag sa Batas ang Diskriminasyon

Sumusunod ang Blue Shield of California Promise Health Plan sa mga umiiral na batas ng karapatang sibil ng estado at pederal at hindi nagpapakita ng diskriminasyon batay sa lahi, kulay ng balat, bansang pinagmulan, lahi, relihiyon, sekso, katayuan ng kasal, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, seksuwal na oryentasyon, edad o kapansanan. Hindi itinatangi ng Blue Shield of California Promise Health Plan ang mga tao o tinatrato sila nang kakaiba dahil sa lahi, kulay ng balat, bansang pinagmulan, lipi, relihiyon, sekso, katayuan ng kasal, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, oryentasyong seksuwal, edad o kapansanan.

Nagbibigay ang Blue Shield of California Promise Health Plan ng:

- Mga tulong at serbisyo nang walang bayad sa mga taong may kapansanan upang makipag-ugnayan sa amin nang epektibo, tulad ng:
  - Mga kuwalipikadong sign language interpreter
  - Nasusulat na impormasyon na nasa ibang mga format (malalaking letra, audio, naa-access na elektronikong mga format, iba pang mga format)
- Mga serbisyo sa wika sa mga taong ang pangunahing wika ay hindi Ingles, tulad ng:
  - Mga kuwalipikadong interpreter
  - Impormasyong nakasulat sa ibang mga wika

Kung kailangan mo ng mga serbisyong ito, makipag-ugnayan sa Civil Rights Coordinator ng Blue Shield of California Promise Health Plan.

Kung naniniwala ka na nabigo ang Blue Shield of California Promise Health Plan na ibigay ang mga serbisyong ito o nagtangi sa ibang paraan batay sa lahi, kulay ng balat, bansang pinagmulan, lahi, relihiyon, sekso, katayuan ng kasal, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, seksuwal na oryentasyon, edad o kapansanan, maaari kang magsampa ng karaingan sa:

Blue Shield of California Promise Health Plan
Civil Rights Coordinator
601 Potrero Grande Dr.
Monterey Park, CA 91755
Telepono: (844) 883-2233 (TTY:
711)
Fax: (323) 889-2228
Email: BSCPHPCivilRights@blueshieldca.com

Maaari kang personal na magsampa ng karaingan o sa pamamagitan ng koreo, fax, o email. Kung kailangan mo ng tulong sa pagsampa ng karaingan, handa kang tulungan ng Coordinator ng mga Karapatang Sibil.

Maaari ka ring magsampa ng reklamong karapatang sibil sa U.S. Department of Health and Human Services, Office for Civil Rights, sa elektronikong paraan sa Office for Civil Rights Complaint Portal, na available sa https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf, o sa pamamagitan ng koreo o telepono sa:

U.S. Department of Health and Human Services
200 Independence Avenue, SW
Room 509F, HHH Building
Washington, D.C. 20201
1-800-368-1019, 800-537-7697 (TDD)

Makukuha ang mga form ng reklamo sa http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html.

Kung kailangan mo ng dokumentong ito sa iba pang wika o sa ibang format, tulad ng malaking letra, braille, o audio, o kung kailangan mo ng tulong para maintindihan ang liham na ito, mangyaring tumawag sa Health Care Options sa 1-844-580-7272, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Tumawag sa 1-800-430-7077 kung gumagamit ka ng TTY. Makukuha mo ang impormasyong ito nang libre.